DIOCESE OF SAITAMA

6-4-12 Tokiwa,
Urawa-ku, Saitama City,
SAITAMA, JAPAN 330-0061
TEL：048-831-3150
FAX：048-824-3532

カトリックさいたま教区

さいたま市浦和区
常盤 6-4-12
〒330-0061
TEL：048-831-3150
FAX：048-824-3532

Mensahe ng Obispo para sa Bagong Taon 2011

## ANG PANGINOON ANG MAGSASANGGALANG SA IYO SA LAHAT NG MASAMA; IPAGSASANGGALANG NIYA ANG IYONG BUHAY (1)

Para sa lahat ng aking mga kapatid sa Diyosesis ng Saitama,

Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon sa inyong lahat!

Habang ang malupit na pag-urong ng ekonomiya ay namamalagi pa rin, ang mga situwasyon sa loob ng Japan ay patuloy pa ang walang kasegurohan sa mga ito at may nagtatalukbong sa kondisyon ng ating pamumuhay at matinding nagpapapighati sa atin. Subalit, ito ang panahon na ilagay natin ang pag-asa sa Diyos at mapaneguro natin na patuloy Niya tayong ipagsanggalang. Manalangin tayo na ang bagong taon ang siyang panahon na sama-sama tayong maglalakbay ng mapayapa.

Sa simula ng taon na ito, nais kong ibahagi sa inyo ang dalawang punto para sa pagninilay: una, tungkol sa mga kabataan at pangalawa ay tungkol sa uri ng ating pamumuhay.

### Upang ipagtanggol ang ating mga kabataan

Sa Oktobre sa nakaraang taon, isang kaso ang naganap sa ating kapitbahay – isang batang babae sa elementarya ang kumitil sa sariling buhay resulta sa pang-aapi sa paaralan. Sama-sama tayong manalangin sa kaibuturan ng ating puso para sa batang babae at sa kanyang namimighating pamilya.

Dahil sa kasong ito, may mga paaralan sa Japan ang nagsisimulang tukuyin ang isyu ng pang-aapi. Datapwat mahalaga ang pagsusumamo sa komunidad na ang pang-aapi ay hindi dapat payagan, subalit, naniniwala ako na mahalagang subukan

ang lubos na pagkakaintindi sa reyalidad at magsimulang seryosong tugunan kung paano natin mailigtas at protektahan ang mga bata sa pang-aapi at kung paano natin maibsan ang ganitong pangyayari. Kailangan din nating kilalanin na mayroon ding pang-aapi sa loob ng simbahan.

Malimit kong marinig na ang mga kabataan sa ating mga parokya ay nakaranas ng pang-aapi sa kanilang paaralan. Maraming mga kabataan, lalo na ang galing sa mga internasyonal na kasal, ay nagdusa sa pang-aapi. Ang mga bata ay malimit na nahihiyang sabihin sa kanilang mga pamilya ang tungkol sa mga karanasang ito. Para sa mga pamilya ng mga batang ito, lalo na ang galing sa ibang bansa, ay talagang nakaranas ng pagkabalisa at kahirapan sa pagsisikap na kausapin ang paaralan at ang opisyales ng edukasyon.

Ang aking naisip na dapat gawin ay paglalaanan ang mga bata at mga pamilya ng isang kapaligiran na maaring magkonsulta sa ating mga parokya o sa mga area blocks. Naniniwala ako na dahan-dahang nabubuo ito sa mga parokya. May marami sa inyo na nakikinig at dumadamay sa mga batang ito at sa kanilang mga pamilya. Nanalangin ako na ang mga maliliit na mga indibidwal na mga grupong ito ay lalago upang magtrabaho bilang team upang sabay na suportahan ang mga bata at ang mga pamilya nila. Nanalangin din ako na ang mga miyembro ng komunidad ng Simbahan ay susuporta sa kanila bilang mga kapatid at magsimulang makibahagi sa mga diskusyon at mga pagpupulong sa mga paaralan, mga guro at local na mga komunidad.

Sa mga nakaraang dalawang taon ng walang kasegurohang pagtatrabaho kasabay ang dumadaming bilang ng mga temporaryong manggagawang pinatalsik, nakita ko kayo bilang komunidad ng Simbahan na sama-samang gumagawa upang suportahan at tulungan ang mga walang trabaho at nangangailangan. Upang malabanan ang pang-aapi, nanalangin ako na pagsamahin natin ang ating lakas at paggawa sa pakikiisa sa mga nagdurusa

## Pagpapanibago sa uri ng ating pamumuhay

Ngayon, nais kong tanungin kayong lahat sa mga sumusunod na mga katanungan: sa inyong pang-araw-araw na buhay, may isang saglit ba na napansin ninyo ang kagandahan ng mga maliliit na bulaklak sa tabing daan o isang saglit na naantig kayo sa mga tanawin? Kung ang mga bata ay uuwi galing paaralan, may oras ba kayo na makinig kung ano ang kailangan nilang sabihin sa iyo? Kung hindi, ito ay palatandaan ng panganib.

Ang kapanahunan ng komunidad ngayon ay pilit tayong pinapamuhay na humanga sa kakayahan ng ekonomiya. Ang ibang mga tao ay may takot na mapalabas

sa ganitong paikot-ikot na lipunan. Ang iba ay nanatiling subukan na magtrabaho sa ganitong paraan dahil sa pwersang magkaroon ng pera para sa pamilya sa kanilang mga bansa. Hindi kaya ang ganitong uri ng pamumuhay ay malakas na pabigat sa atin? Sa ganitong uri ng pamumuhay, hindi kaya natin nakakalimutang makita ang kagandahan ng gawa ng Diyos?

Ngunit kahit sinabi ko ito, upang makaligtas tayo, hindi natin magawang hindi pansinin ang ating mga trabaho at responsibilidad sa lipunan. Subalit, naniniwala ako na kaya nating magkaroon ng pahinga sa uri ng ating pamumuhay. Nais kong magbigay ng mungkahi sa inyo at sa sarili ko rin: na bawasan ng 5% ang mga basura at maglaan ng 5% na oras para sa sarili. Hindi masyadong mahirap ang ganitong gawain; halimbawa, bawasan ang bilang ng oras para sa gawaing bahay at maglaan ng oras upang makinig sa inyong mga anak. Ipalagay natin na ang oras na binuhos sa gawaing bahay ay 8 oras, ang 5% na bawas dito ay 24 minuto. Subukan din ninyong igsihan ang inyong overtime sa trabaho ng 5%. Ang kaugnay nito ay dalawang oras lamang sa bawat lingo at maaring gamitin ang oras na yan para sa ating sarili at pamilya. Maari din nating subukan na simplehan ang pagkain ng 5% o bawasan ang elektrisidad, tubig at gasolina ng 5%. Sa sarili nating kakayahan at pananaw, gawin ang 5% na ating layunin upang mabawasan ang gastos at basura. Naisip ba ninyo na ang 5% na layunin ay magpagaan ng ating pasanin at mapalago ang ating buhay?

Sa makatuwid, maari nating isabuhay ang espiritu ng karukhaan sa pamamagitan ng pag-iipon ng anumang 5% sa ating pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng 5% na ito ay maari nating makuha muli ang ating totoo at orihinal na katauhan, ang larawan ng Diyos, kung saan tayo ay nilikha. Ang pagbabagong ito ay nagpapasaya sa atin upang matamasa ang panahon kasama ang Panginoon. Dagdag nito, napakaganda sana kung ang pagbabagong ito ay mag-udyok sa atin na tanggapin sa ating komunidad bilang mga kapatid ang mga nalulumbay at inaaping kabataan na isinantabi.

Ang Salmo 121 ay isang awit tungkol sa pag-akyat ng mga manlalakbay tungo sa Bayan ng Herusalem. Nagsimula ito sa taludtod: “Sa mga bundok ako nakatitig” (2). Ang Salmong ito ay nagsasalarawan ng mga manlalakbay na nagpapahinga habang nasa bundok. Tumititig sila sa kabundukan at napapanibagong muli sa kanilang pananalig sa Diyos, pinagtibay ang kanilang pag-asang ipagpatuloy ang kanilang paglalakbay. Kung ang pag-akyat sa bundok ay isang ilusyon sa ating pang araw-araw na buhay, maari nating sabihin na sa panahon na nakatitig tayo sa kabundukan, ito ay 5% ng oras ng ating pamamahinga at ito ang tinutukoy ko sa inyo sa mensaheng ito.

Ipagkatiwala natin ang ating mga sarili sa pagsanggalang ng Diyos at sama-sama nating simulan ang bagong taon.

+ Pagpalain nawa kayo ng Makapangyaring Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.

Enero 1, 2011
Solemnidad ni Maria, Ina ng Diyos
Katolikong Diyosesis ng Saitama

Obispo Marcellino Tani Daiji

(1) Salmo 121:7
(2) Salmo 121:1